




DEPARTMENT OF ENERGY



Kuryente Tipid Tips Ngayong Tag-Init

Maging wais na konsyumer at pa-laging basahin at intindihin ang *energy guide labels* ng mga *appliances* sa bahay.

Subukang maglaan ng oras para sa mga gawain sa labas ngayong summer gaya ng *picnic*, *mallng* o *swimming*. Makatutulong ito upang makatipid at mabawasan ang iyong konsumo ng kuryente.

Contact us:



Consumer Welfare and Promotion Office
Department of Energy
G/F Annex Building
Rizal Drive
Bonifacio Global City
Taguig City, 1632



Telephone Numbers:
(02) 479- 2900 loc. 329
(02) 840- 2267



E-mail Address:
energycwpo@gmail.com

May 2018



Ang panahon ng **tag-init** o **summer** at ang kasama nitong mataas na temperatura ay nagdudulot din ng pagtaas ng ating mga *electrical load* sa bahay. Maging **COOL** ngayong summer at magtipid sa enerhiya sa pamamagitan ng pagsunod sa mga simpleng *tips* na ito:



Gamitin ang init ng araw sa pagpapatuyo ng labada imbes na gumamit pa ng *dryer*.

Magsuot ng angkop at maginhawang kasuotan ngayong tag-init.

Gumamit ng bentilador o mga *ceiling fan* o di kaya ay buksan ang mga bintana at mga kurtina. Nakatutulong ang mga ito upang maging malamig ang bahay.



Isara naman ang mga *blinds* o kurtina kapag sobra ang init sa labas.

Gumamit ng *natural lighting* sa bahay. Patayin ang mga ilaw na hindi naman kailangan kapag araw.

Maglagay ng mga halaman sa loob ng bahay. Nakatutulong ito upang lumamig ang paligid at tumaas ang *oxygen levels* na kailangan din ng ating katawan.



Gumamit ng *stove* at *microwave oven* sa halip na *conventional oven*. Maaari ding magluto o mag-*grill* sa labas ng bahay ngayong tag-init.

Iwasan ang mga gawain na nagdudulot ng pag-init ng paligid tulad ng pamamalantsa o mga mai-init na *devices* tulad ng *curling irons* o *hair dryers*. Kung maari, gawin ang mga ito sa umaga o di kaya sa gabi.